

SUPPLEMENTAL LESSONS

**Filipino Baitang 9
Ikaapat na Markahan**



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to **www.rexinteractive.com**



Ikaapat na Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan

Aralin 1: Isang Maikling Kasaysaysan ng Nobela

A. Panimula

Itanong sa mga mag-aaral kung ano ang mga nobelang kanilang nabasa na. Ipalarawan ito sa mga mag-aaral batay sa tauhan, tagpuan, daloy ng kuwento, at tunggalian.

Matapos na mapag-usapan ang kanilang dating kaalaman sa isang nobela, sabihin na tatalakayin sa araw na iyon ang isang nobelang obra maestra.

Maaaring itanong sa mga mag-aaral kung may ideya ba ang mga ito sa nobela.

Iparinig din ang awiting “Awit ni Maria Clara” mula sa http://www.seasite.niu.edu/Tagalog/Other_Language_Activities_%28Intermediate_Readings%29/Jose%20Rizal%20Readings/ang_awit_ni_maria_clara.htm.

Pagkatapos ay itanong ito:

- Ano kaya ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng awit?
- Ano kaya ang mga nangyayari sa lipunan na siyang dahilan kung bakit naisulat ang awit? Ipaliwanag ang sagot.

B. Katawan

Ipabasa sa mga mag-aaral ang ilang tala tungkol sa kaligirang pangkasaysayan ng akda.

Noli Me Tangere

ni Louie Jon Sanchez

Ang **nobela** ay isang *genre* o uri ng panitikan ng modernong panahon. Sa isang pagkakataon, kinilala ito bilang isang modernong pag-aanyo ng klasikong epiko, kung saan madalas may bayaning dumaraan sa mga pakikipagsapalaran. Sa literal na pagpapakahulugan, ang ibig sabihin ng nobela ay “bago” (*novel* or *new* sa Ingles, *novella* sa Latin).

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas

Pamantayang Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakikilahok sa pagpapalabas ng isang *movie trailer* o *storyboard* tungkol sa isa ilang tauhan ng Noli Me Tangere na binago ang mga katangian (dekonstruksiyon).

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Napakinggan at natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:
 - pagtukoy sa layunin ng may-akda sa pagsulat nito
 - pag-isa-isa sa mga kondisyon ng lipunan sa panahong isinulat ito
 - pagpapatunay sa pag-iral pa ng mga kondisyong ito sa kasalukuyang panahon sa lipunang Pilipino

Ang nobela ay madalas na ipinapaliwanag bilang isang mahaba at kathang salaysay ng mga pangyayaring pinagsunod-sunod upang makalikha ng isahang epekto. Sa kumbensiyonal na pamamaraan, ang nobela ay madalas na sumusunod sa pag-unlad ng katauhan ng isang karakter. Isinasalaysay ng mga ganitong naisulat na nobela ang mga pagkamulat—pagbabagong mabuti o masama—ng tauhang bayani. Ang pagkamulat ay laging isang proseso ng pagharap sa mga pagsubok, pagkakatukoy at pagharap sa pinakasuliranin, at pananagumpay (kung ipinahihintulot).

Ang nobelang *Noli Me Tangere* ay maihahanay sa ganitong uri ng salaysayin sapagkat masasaksihan sa nobela ang pagkamulat ni Juan Crisostomo Ibarra sa kabuktutan ng kolonyal na pananakop, na noong una’y pananaligan pa niya sa mithing kilalanin ang Pilipinas bilang ganap na bahagi ng Espanya.

Isang kakatwang katotohanan ang pagbasa natin sa *Noli Me Tangere* sa pamamagitan ng salin. Hindi natin binabasa ang nobela sa orihinal nitong wika sapagkat iilan lamang sa atin ngayon ang may kakayahang bumasa ng Espanyol. Ngunit minahalaga itong nobela dahil sa Batas Rizal noong 1956. Ang batas na ito na kilala bilang Republic Act 1425 ay naglayong isama sa lahat ng kurikulum ng mga paaralan ang pagpapahalaga sa pambansang bayani. Kabilang sa mga pagpapahalagang ito ang pagpapabasa sa madla ng kaniyang dalawang nobela. Dahil dito, nagkaroon ng malaking espasyo sa pagpapasalin ng nobela upang mapalawak ang mambabasa nito.

Matagal nang pinagpaplanuhan ni Rizal ang nobela at natapos lamang niya ito noong 1886 sa Berlin, sampung taon bago sumiklab ang rebolusyon. Ipinagbawal ang pagbabasa at pagmamay-ari ng nobela nang makarating ito sa Pilipinas ilang buwan matapos mailathala. Hindi nagustuhan ng mga pari ang anti-simbahang sentimiyento ng nobela, bukod pa sa mga “makabago” at “banyaga” nitong adhikaing nasagap ni Rizal at ng kaniyang mga kapanalig sa kilusang Propaganda. Ito rin ang itinuturing na dahilan ng kaniyang pagkakabitay sa Bagumbayan noong Disyembre 31, 1896.

2. Nailalarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang sa kasalukuyan
3. Natutukoy ang mga kontekstuwal na pahiwatig sa pagbibigay-kahulugan
4. Napatutunayang ang akda ay may pagkakatulad / pagkakaiba sa ilang napanood na telenobela
5. Nailalahad ang sariling pananaw, kongklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami
6. Naitatala ang nalikom na datos sa pananaliksik
7. Nagagamit ang mga angkop na salita/ ekspresyon sa:
 - paglalarawan
 - paglalahad ng sariling pananaw
 - pag-iisa-isa
 - pagpapatunay

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

Sa simula ng nobela, magandang pagpukulan ng pansin ang siniping epigrape ni Rizal, maging ang kaniyang paghahandog. Ang epigrape ay mula sa “Anino ni Shakespeare” ng manunulat na Aleman na si Freidrich von Schiller. Mahalaga ang tanong na iniiwan nitong epigrape hinggil sa abang bansang ito, na kinakatha ni Rizal sa kaniyang nobela: “Ngunit ang tanong ko, Kaibigan,/ sinong Dakila ang lilitaw/ Sa ganitong mga Hamak? Anong/ Kadakilaan ang mangyayari/ sa pamamagitan nila?” Sa kaniyang paghahandog naman, inilalarawan niya na ang “nakasulat sa kasaysayan ng pagdaralita ng sangkatauhan ang isang kanser na may katangiang napakalubha kaya nagpupuyos sa galit munting di-masaling at nanggigising ng matatalim na kirot.”

Marubdob ang pagnanasa ni Rizal na itanghal ang sakit na itong dinaranas din ng bansang lagi’t lagi niyang nililingon, lalo na nang nasa Europa siya at binabata ang lamig at pangungulila: “nilulungati ko ang iyong kalusugan, na kalusugan din namin, at hinahanap ang pinakamabuting paglunas.” Ginamit niya ang talinghaga ng mga sinaunang tao na naglalantad ng mga maysakit sa “baitang ng templo, upang makapangmungkahi ng lunas ang sinumang dumating na mananawagan sa Bathala.”

Malinaw ang nasa ni Rizal sa pagsulat ng nobela. Nais niyang “ilarawan” ang kalagayan ng bayan “nang buong tapat at walang panggingimi.” Sa pagkasangkapan ng imahen ng lambong na “tumatabing sa karamdaman,” sinisikap na ibunyag ni Rizal ang mga pagdurusa ng kaniyang bayan. Sa buod ng mga kabanatang ito sa nobela, mamamalas ang ganitong pagtatanghal ng kalagayang-bayan, lalo na ang paghahari ng iilan sa mga sangay ng lipunan.

1. Talasalitaan

Ipatukoy sa mga mag-aaral ang mga kontekstuwal na pahiwatig ng pariralang nakaitim ayon sa pagkakagamit nito sa pangungusap.

1. Sa **kumbensiyonal na pamamaraan**, ang nobela ay madalas na sumusunod sa pag-unlad ng katauhan ng isang karakter
2. Masasaksihan sa nobela ang **pagkamulat ni Juan Crisostomo Ibarra** sa kabuktutan ng kolonyal na pananakop.
3. Hindi nagustuhan ng mga pari ang **anti-simbahang sentimiyento** ng nobela
4. Nakasulat sa kasaysayan ng **pagdaralita ng sangkatauhan** ang isang kanser na may katangiang napakalubha
5. **Nilulungati ko ang iyong kalusugan**, na kalusugan din namin, at hinahanap ang pinakamabuting paglunas.


2. Pag-unawa sa Binasa

Upang matiyak ang pagkaunawa ng mag-aaral sa binasang teksto, ipagawa ang sumusunod na mga gawain.

1. Isa-isahin at ilarawan ang mga kondisyong panlipunan sa panahong isinulat ang akda at ang mga epekto nito matapos maisulat hanggang sa kasalukuyan. Bukod sa impormasyong nabanggit, maaari ding magsaliksik sa aklatan o Internet. Punan ang talahanayan.

Mga Kondisyong Panlipunan	Epekto Matapos Maisulat

2. Sa anong telenobela mo maihalalintulad ang Noli Me Tangere? Patunayan ang sagot sa pamamagitan ng paghahambing gamit ang *Venn diagram*. Sumulat ng isang talatang nagpapaliwanag ng iyong pananaw kung bakit magkapareho ang dalawang likhang sining.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

C. Kongklusyon

Pagpapahalaga

Bigyang-diin ang pagpapahalaga sa akdang binasa sa pamamagitan ng pagtiyak ng bisa nito sa damdamin at isip ng mga mag-aaral. Maaaring pumili ng gawain ang mga mag-aaral sa mga sumusunod:

1. Magsulat ng isang talatang panata sa bayan na nagsasaad ng iyong damdaming ipagtanggol ang iyong bayan mula sa kaapihan. Gawin itong parang isang monologo ng tauhan sa Noli Me Tangere.
2. Bumuo ng isang *storyboard* na ang kuwento ay tulad ng Noli Me Tangere. Kung isasapelikula ito, ano-ano ang mahahalagang pangyayari ang isasama? Pumili lamang ng mula lima hanggang sampu.

Ikaapat na Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan

Aralin 2: Isang Maikling Kasaysaysan ng Nobela

A. Panimula

1. Itanong kung sino-sinong karakter ng Noli Me Tangere ang natatandaan nila mula sa dating pagbabasa o mula sa mga unang kabanatang nabasa.
2. Iisa-isahing ipalalarawan sa mga mag-aaral ang katangian ng karakter na kanilang napili.
3. Hingan ng patunay o paliwanag ang mag-aaral kung ano ang naging batayan ng kanilang ginawang paglalarawan.
4. Pagkatapos, iparirinig ang monologo ni Sisa. Pagkatapos marinig o mapanood ito, pag-uusapan ang dahilan ng kaniyang pagkabalihaw at dahilan ng pighati.

B. Katawan

Ibabasa sa mga mag-aaral ang buod ng Kabanata 12–22.

Kabanata 12–22: Mga Kabanata ng Pagkasawi at Trahedya

Buod ni Louie Jon Sanchez



Magsisimula ang pagpapatuloy ng salaysay sa Todos Los Santos sa bayan ng San Diego. Kababalik-balik lamang ni Ibarra, at nagtungo siya sa sementeryo ng bayan upang alamin kung ano ang nangyari sa labi ng kaniyang ama.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas.

Pamantayang Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakasusulat ng monologo batay sa katauhan ng karakter ng nobela.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nakikilala ang mga tauhan batay sa napakinggang pahayag ng bawat isa
2. Nahihinuha ang katangian ng mga tauhan at natutukoy ang kahalagahan ng bawat isa sa nobela
3. Nabibigyang-kahulugan ang matatalinghagang pahayag
4. Nahuhulaan ang maaaring maging wakas ng buhay ng bawat tauhan batay sa napanood na *parade of characters*
5. Madamdaming nabibigkas ang nabuong monologo tungkol sa isang tauhan

Natagpuan niya roon at nakaharap ang sepulturerong napag-utusan ng kura na hukaying muli ang nailibing nang mga labi upang ilipat sa libingan ng mga Intsik. Nang usisain ng nananaghoy na anak kung nasaan na ang labi, sinabi ng sepulturero na ito'y hinayaan na lamang na lamunin ng lawa. Mas makabubuti raw umano ito kaysa maihanay sa mga sumakabilang-buhay na Intsik. Samantalang naituro kung saan unang nailibing ang ama, wala nang nagawa si Ibarra sa pagkawala ng katawan ng kaniyang ama.

Sa paglabas niya sa kampo santo, nakasalubong niya si Padre Salvi at sinugod ito, sa pag-iisip na ito ang kurang nag-utos ng paglapastangan sa kaniyang ama. Itinanggi naman ng pari ang paratang habang takot na takot. Nabuwal ang pari at tinulungang tumayo ng katulong nito.

Patuloy na nagsasalaysay ang nagkukuwento sa pagpapakilala naman sa katauhan ni Tasiong Baliw o Pilosopo Tasio. Nagbigay ng maikling talambuhay ang nagsasalaysay hinggil sa kaniya, habang nagninilay ito sa unos na nangyayari sa kaniyang tagpo habang kausap sina Don Filipino Lino at sa asawa nitong si Donya Teodora Viña o Doray. Si Pilosopong Tasio ay kilala sa kaniyang matinding karunungan at palabasa, at dahil doon ay madalas na hindi naiintindihan ng mga taga-San Diego.

Samantala, isang munti bagaman nakahihindik na kaguluhan ang nangyayari sa simbahan. Halos kasabay ng pagbuhos ng ulan ang pagbuhos ng kamalasan sa dalawang magkapatid na sakristan, sina Basilio at Crispin. Ang batang si Crispin ay napagbintangan ng sakristan mayor na nagnakaw ng dalawang onsa sa parokya. Dumadaing ang dalawa dahil sa paghihirap nila sa simbahan. Doble ang pagdaing nila sapagkat pinagbawalan itong umuwi. Higit na nahindik ang kuya nang tangayin ang kaniyang nakababatang kapatid upang ito ay maparusahan. Sa huli, tumakas ang bata upang uwian ang kanilang inang si Sisa, na mag-iisang linggo na nilang hindi nakikita.

Naghihintay naman ng ina ang kaniyang mga anak. Pinaghanda niya ang mga anak ng makakain at inabangan ang kanilang pagdating. Ngunit agad siyang binabaan ng kaba na may nangyayaring masama sa kaniyang mga anak.

6. Naisusulat ang isang makahulugan at masining na monologo tungkol sa isang piling tauhan
7. Nagagamit ang tamang pang-uri sa pagbibigay-katangian

Dinatnan siya ng kaniyang asawang palainom at sugarol na si Pedro. Halos maubos ni Pedro ang kakanin ng kaniyang mga anak, at ipinagtanong sa asawa kung nasaan na sila. Umalis din ang asawang lalaki at iniwang muli si Sisa. Patuloy na naghintay si Sisa, binabagabag, nangungulila sa mga anak. Di naglaon, dumating ang anak na panganay, balisang kumakatok sa pinto. Pinagbuksan niya ito ng pinto ang nalaman niya ngang hindi kasama ng panganay ang kaniyang bunso. Nalaman niya rin ang nangyari sa simbahan. Nagpahinga ang mag-ina, habang sa isip ni Sisa, binabalak na niya ang pagpunta sa tanggapan ng prayle upang hanapin ang kaniyang hindi umuwing anak. Sa tangkang paghimbing, nabagabag ang kuya ng panaginip ng masamang pangyayari sa kapatid. Hindi niya ito inamin sa ina, at nang mag-usisa sa kaniya'y sinabing walang ano mang badya ang panaginip at nais na niyang tumigil magsakristan. Balak ng bata na kausapin si Ibarra na gawin na lamang siyang pastol nito sa kaniyang mga lupain.

Kinabukasan, nagtungo ang ina sa simbahan upang makipagkita kay Padre Salvi, na noong araw na iyon ay maysakit daw. Sa simbahan, naroroong nagpapalitan ng hinuha ang mga hermano't hermana, na hindi nabigyan ng kumpisal ng pari at dahil doon ay masama ang loob dahil hindi nila nakuha ang inaasahang indulhensiya. Nagpapaligsahan pa sa dami ng indulhensiya ang mga ito. Samantalang ginagawa nila ito, nakita nila si Sisa na paakyat sa tinutuluyan ng prayle. Sinundan nila ang kinakabahan at naghahagilap na ina. Sunong ng ina ang gulay na ipanreregalo sana sa padre upang patawarin na ang mga anak, at sabihin ang balak ng anak. Lalo siyang nanlumo nang igiit ang pagnanakaw ng mga anak, at ang pagpapahuli sa mga ito sa mga guwardiya sibil. Lumabas si Sisa na nagugulumihan, pilit na itinatago ang kaniyang pag-iyak sa paglabas niya sa lansangan.

Ang pagsasalaysay ay babalik sa patuloy na pag-alam ni Ibarra sa kinahinatnan ng kaniyang ama. Sa may lawa, sinamahan siya ng isang lalaki sa kung saan inilaglag ang katawan ni Don Rafael. Sa paglalakbay na ito sa lawa, muling nabalikan ni Ibarra ang kabutihan ng kaniyang ama, tulad ng pagtulong mismo nito sa kasamang nagtungo sa pook na iyon. Ang lalaking iyon ang guro sa parokya ni Padre Salvi, na halos sumuko na sa hirap ng pagtuturo at pangangailangang disiplinahin ang mga kabataan. Dito sinimulang isalaysay ang plano ni Ibarra na magtayo ng paaralan para sa San Diego.

Samantala, dadalo si Ibarra sa pulong ng Tribunal kung saan pagtatalunan ng mga konserbatibo't matatandang pinuno at mga liberal at nakababatang kabesa ang kailangang mga pagkagastahan sa darating na pista. Nagbalak ang mga kabataan at liberal na baligtarin ang magiging diskusyon at ipanukala ang tiyak na mithi ng mga matatanda. Samantalang nagtagumpay sila at naipasa ang lihim na mithi, wala silang nagawa sapagkat nasa ng kura ang higit na mas magarbong pistahan. Si Ibarra naman, na nagbabalak magtungo sa kabisera ng probinsiya, ay nag-alok na magdala ng ano mang usaping nais nilang ipaayos.

Nagbalik ang pagsasalaysay sa kuwento ni Sisa, na tumatakbong lito pauwi. Nag-aalala siya para sa kaniyang mga anak. Nais niyang iligtas ang mga anak, lalo na si Crispin, na hindi pa rin niya alam ang naging palad. Nang makalapit sa bahay, nakita niyang naroroon ang mga sundalong sinisiyasat ang kanilang lugar. Kinuha ng isang sundalo ang kanilang inahin at saka sinunog ang kanilang bahay. Tinangka ni Sisa na umalis na lamang ngunit nakita siya ng isa sa mga guwardiya at inusisa. Nang hindi nila siya mapilit na ilitaw ang kaniyang mga

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

anak, pinilit nila siyang madala sa kuwartel. Sa pakiusap ni Sisa, naglakad siya at ang mga guwardiya nang may distansiya, sa takot na mapahiya siya o makilala. Hindi siya nakaiwas sa kahihyan dahil nakilala siya ng isang nakasalubong. Pagdating sa kuwartel, naghintay si Sisa sa alferes na agad naman siyang pinauwi bandang tanghali. Hindi naniwala ang alferes sa kura at sinabing gawa-gawa lamang ang reklamong pagnanakaw. Muling natagpuan ni Sisa ang sarili sa kalye at tinalunton niya ang landas pauwi. Sa pagbalik, natagpuan niya ang retaso ng damit ni Basilio, may bahid ng dugo. Wari bang tuluyang nawalan na ng bait si Sisa kalaunan at nagpalaboy-laboy na nga sa San Diego, hinahanap ang kaniyang mga anak.

Sa mga araw na ito, nagsisimula nang maging abala ang bayan sa paghahanda para sa darating na pista. Nasa kabisera pa ng probinsiya si Ibarra at nangamusta sa tahanan nina Maria Clara sa pamamagitan ng telegrama. Si Maria Clara naman, nakadarama ng kakatwa sa kurang tila binabantayan siya't kung ano ang pinagsasabi sa kaniya. Sa pagbabalik ni Ibarra, ikinuwento niya rito ang napapansin, at ang pagnanais na umiwas dito. Nangatwiran naman si Ibarra na hindi maaaring umiwas sila sa kura, lalo na ang hindi ito anyayahan sa plano nilang piging at pamamasyal sa lawa. Nang magpaalam si Ibarra, lumapit sa kaniya si Pedro, ang ama ng dalawang batang sawimpalad at asawa ni Sisa. Humihingi ito ng tulong sa binata. Nagpatuloy ang usapan ng dalawa habang papauwi si Ibarra.

1. Talasalitaan

Ipabigay ang kahulugan ng mga matatalinhagang pahayag na ginamit sa teksto.

1. Sinabi ng sepulturero na ito'y hinayaan na lamang na lamunin ng lawa.
2. Halos kasabay ng pagbuhos ng ulan ang pagbuhos ng kamalasan sa dalawang magkapatid na sakristan, sina Basilio at Crispin.
3. Wari bang tuluyang nawalan na ng bait si Sisa.
4. Lumapit sa kaniya ang si Pedro, ang ama ng dalawang batang sawimpalad.
5. Mas makabubuti ito kaysa maihanay sa mga sumakabilang-buhay na Intsik.

2. Pag-unawa sa Binasa

Upang matiyak ang pagkaunawa ng mag-aaral sa binasang teksto, ipagawa ang sumusunod na mga gawain.

1. Isa-isahin at ilarawan ang tauhan sa nobela gamit ang mga pang-uri. Isulat din ang maaaring kahalagahan nila sa kuwento at ang maaaring kahinatnan ng kanilang karakter sa pagtatapos nito.

Tauhan	Katangian	Kahalagahan	Kahihinatnan

2. Mula sa ginawang pagkilala at paghihinuha sa kahihinatnan ng karakter, pumili ng isa na gagawan ng pagsasatao. Sabihin sa mag-aaral na magbihis na tulad ng isa sa mga karakter. Maaaring gumamit ng *props* at mag-*make-up* upang maitulad ang itsura sa pisikal na anyo ng napiling karakter. Magsasagawa ng *parade of characters* ang mga mag-aaral. Magpapakilala ang mga ito na parang isang *pageant*.
3. Sumulat ng isang monologo tungkol sa karanasan ng tauhang napili. Maaaring magpokus sa kasiyahan, takot, o kasawian ng karakter na siyang naging dahilan ng kaniyang ugali at gawi sa kuwento. Maghanda sa masining at madamdaming pagbigkas ng monologo.

C. Kongklusyon

Pagpapahalaga at Paglalahat

Ipaunawa sa mga mag-aaral na ang pagkatao ng isang karakter ay hinuhulma ng kaniyang masaya at mapait na karanasan. Maaaring sabihin sa mga mag-aaral na dapat sikapin ng bawat isa na isa-isahin ang biyayang natatanggap kaysa alalahanin ang sinapit na kasawian upang mas makita ang liwanag kaysa pighati at upang mas gustuhing magsikap na maging mabuti kaysa piliing magpakasama.

Ikaapat na Markahan Baitang 9

Supplemental Lesson Plan

Aralin 3: Pangwakas na Gawain

A. Panimula

1. Itanong ang opinyon at damdamin ng mga mag-aaral matapos basahin ang buong nobela. Pag-usapan din ang kanilang naging opinyon sa paraan ng pakikipaglaban ng bawat tauhan sa kanilang kinaharap na pagsubok.
2. Bago pa magpagawa ng pangwakas na gawain, pag-usapan sa klase ang naging bisa, impluwensiya, at dating ng nobela sa kanila bilang mabubuhay sa kasalukuyang panahon na nakikipaglaban pa rin sa panunupil ng ibang lahi at ng maging ng kalahi.
3. Itanong din sa mag-aaral kung naniniwala ba sila o hindi na ang dahilan ng ligaya at kasawian ng mga tauhan ay dahil sa pag-ibig. Iproseso ang bawat sagot na ibibigay ng mga mag-aaral.

B. Katawan

Ipabasa sa mga mag-aaral ang ilang tala tungkol sa kinahinatnan ng ilang tauhan at ang pakikipaglaban para sa kalayaan na minimithi ng nobela.

Ang Noli Me Tangere ay trahedyang, sapagkat nasupil lahat ng solusyon sa suliranin at nasukol lahat ng mabubuting mithi ng bayani. Walang ligayang naghihintay kay Maria Clara at tinanggap na niyang kasamang “namatay” ni Ibarra ang kaniyang puso. Si Kapitan Tiago naman ay nagpabaya sa sarili. Sumakabilang-buhay naman si Padre Damaso kapiling ang kaniyang kalungkutan sa pagpapapiit ng anak sa beaterio. Si Elias, tulad ni Sisa, ay nabuwal sa dilim. Kapwa sila sinunog ni Basilio, na ngayo’y may mabuting kinabukasang nakaabang. Si Padre Salvi naman ay patuloy na nakaabang at nakatutok lamang sa magandang si Maria Clara, pinagmamasdan nang solo ang lumbay nito.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa isang obra mastrang pampanitikan ng Pilipinas

Pamantayang Pagganap:

Ang mag-aaral ay nakasusulat ng monologo batay sa katauhan ng karakter ng nobela.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naibabahagi ang sariling damdamin sa naging kapalaran ng tauhan sa akda at ang pag-unawa sa damdamin ng tauhan batay sa napakinggang talakayan
2. Nailalahad ang sariling pananaw tungkol sa pag-ibig
3. Naipaliliwanag ang kahulugan ng salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa
4. Nasusuri ang pinanood na dulang panteatro na naka-*video clip*
5. Naipahahayag kung paano nakatulong ang karanasan ng mga tauhan upang

Sa pangkabuuan, nanatiling sakop ang buong bayan at hindi pa handang harapin sa isang labanan ang kolonyal na pamahalaan. Hindi pa nila maililigtas ang sarili laban sa kanilang pagkakaaba. Sa pangkalahatan, ang nagkaroon lamang talaga ng tiyak na resolusyon ay sina Ibarra at Elias, na kapwa natagpuan ang mga katotohanang kanilang hinahanap. Ngunit balot parin ng kawalang-katiyakan ang palad ng dalawa, lalo na si Ibarra. Biglang mapapaisip tayong tila wala ring kinahinatnan ang ipinakipaglaban ni Elias. Sa ganitong kawalang-katiyakan nagiging mahiwaga ang nobela.

Ang resolusyon o kakalasan ay isang bagay na maaari lamang nating asamin sa tunay na buhay, ngunit kung tutuusin, halos wala naman talagang katiyakan ang lahat—kahit ang bukas.

1. Talasalitaan

May paniniwala na ang dahilan ng kaligayahan at kasawian ng tao ay pag-ibig. Maraming uri ng pag-ibig ang tinalakay sa akda. Magpabigay ng halimbawang sitwasyon at pangyayari kung saan nakita ang uri ng pag-ibig na tinutukoy.

1. Pag-ibig sa magulang
2. Pag-ibig sa anak
3. Pag-ibig sa bayan
4. Pag-ibig sa simbahan
5. Pag-ibig sa kapangyarihan
6. Pag-ibig sa taong sinisinta

2. Pag-unawa sa Binasa

Upang matiyak ang pagkaunawa ng mag-aaral sa binasang teksto, ipagawa ang sumusunod na mga gawain.

1. Ipapanood sa mga mag-aaral ang ilang dulang panteatro tungkol sa Noli Me Tangere. Susuriin ang mga elemento nito tulad ng daloy ng istorya, diyologo,

mapabuti ang sariling ugali, pagpapahalaga, at buong katauhan

6. Naitatanghal ang dulang panteatro na pumapaksa sa ilang napapanahong isyung panlipunan sa kasalukuyan

pagganap ng tauhan, *props*, kostyum, ilaw, at musika. Ang gagawing pagsusuri ay magiging gabay din ng mag-aaral upang mapahusay ang kanilang gagawing pagtatanghal.

Maaaring panoorin ang <https://www.youtube.com/watch?v=4He3-tu6DR0>.

2. Hatiin ang klase sa tatlo hanggang limang grupo. Papipiliin sila ng isa sa pinakapaboritong tagpo sa nobela na may kaugnayan pa rin sa kasalukuyang isyung panlipunan upang gawan ito ang iskrip. Hayaang itanghal ito sa klase.

C. Kongklusyon

1. Paglalahat

Sa Pilipinas, na pinalad magkaroon ng mga bayani't rebolusyonaryong pawang mga manunulat, hindi kataka-takang pahalagahan mayroong mga tulad ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo na pinababasa sa lahat nang mag-aaral magpahanggang ngayon. Minamahalaga ang mga akda, hindi lamang sa angkin nilang kasiningan, kundi lalo na sa ambag ng mga akda sa paglalarawan at pagtuligsa sa karanasan ng pagkakasakop ng bayan. Ang pagbasa natin sa dalawang nobela ay pagpapairal, hindi lamang ng estetikong paghanga sa mga akda; pagpapahalaga rin ito sa nagawang pagmumulat ni Rizal sa taumbayan, bagaman kakaunti lamang ang talagang nakabasa ng mga nobela niya dahil nasusulat nga ito sa Espanyol.

Ang nobela ay pinagdiskusyonan ng maykapangyarihan at ng mga propagandista, at minahalaga ng mga rebolusyonaryo. Naging sagisag si Rizal ng mga mithiing mapagpalaya at lalong iniluklok ng ganitong pagpapahalaga ang bayani sa kaniyang lugar sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa Pilipinas, ang obra maestra kung gayon ay hindi lamang nasusukat sa kasiningan at pagkapanghabampanahon—ito ay sinusukat din sa naging kabuluhan nito sa kasaysayan, lalo na sa ating kasaysayan ng pagpapalaya.

2. Pagpapahalaga

Itanong sa mga mag-aaral kung paano nila maipagpapatuloy sa kanilang sariling pamamaraan ang mga ipinaglaban ni Rizal para sa bayan na sinisimbolo ng mga sitwasyon sa Noli Me Tangere.